

PROLOGUE

“Miguel, mula ngayon, dito ka na titira.”

Malamig na itinaas ng walong taong batang lalaki ang mga mata para tingnan ang mga tao sa harap niya. Nakangiti sa kanya si Uncle Rodrigo, ang matalik na kaibigan at investment partner ng yumao niyang ama. Masuyo ring nakangiti sa kanya ang asawa nito, sa likod ng ginang, sumisilip-silip ang isang batang babae.

“Angelina, halika,” masuyong aya rito ng tatay nito, masuyo rin nitong hinawi ang kulot na buhok ng anak nang lumapit ito. “This is Miguel, he will be living with us starting today, be nice to him, okay?”

Tila nahihiyang tinaas ng batang babae ang mga mata nito sa kanya. She smiled shyly at him. “Hello,” anang limang taong bata.

Lumuhod ang ama nito at binalingan siya. “Miguel, this is our precious daughter, Angelina. Sakitin siya at mahina ang katawan, will you help us take care of her?”

He eyed his father’s friend coldly. Nakangiti pa rin ito sa kanya, walang bakas ng panlilinlang o kalupitan

The Vow - Dior Madrigal

sa maamo nitong mukha. Hindi na siya nagtaka kung bakit nagawa nitong linlangin ang kanyang ama; this man was a two-faced bastard.

Binaling niya muli ang mga mata sa dalawa pang tao sa kanyang harapan. The little girl was like a French porcelain doll. Kulot ang brownish nitong buhok, may bilugang mga mata at namumulang mga labi. Her mother was looking adorably at her daughter, hinihimas ang brownish gold nitong buhok. The eight-year old boy forced himself to stay calm.

Larawan ng isang perpektong pamilya ang tatlong tao sa harapan niya. Ilang oras pa lang ang nakalilipas, may perpektong pamilya rin siya, kasama ang tatay niya, ang nanay niya, ang lolo at lola niya. But now he had no one. Everyone was killed in the fire that devoured his home.

“Miguel?” Marahan siyang hinawakan ni Rodrigo sa balikat. Nakatiim ang mga labing itinaas niya ang tingin dito. Naririnig pa niya ang galit na boses ng ama habang kausap nito sa telepono ang lalaking ito kagabi. Naririnig pa niya ang katibayan ng pagtataksil ng taong ito sa matalik nitong kaibigan.

“Will you always be with Angelina? Will you promise me to help us take care of her and be with her forever?” malumanay nitong tanong sa kanya.

The Vow - Dior Madrigal

The eight year-old boy felt a cold, overwhelming desire to slit the bastard's throat. He wanted to kill this man, burn this man alive like what this bastard did to his family. An overpowering sense of sinister satisfaction engulfed him at the thought of destroying everything this bastard held dear. He would give anything, do anything to make this man miserable. With frighteningly cold eyes, Miguel looked at Angelina. The angelic little girl smiled at him.

His eyes turned colder.

“Yes,” usal niya, gamit ang isang mababang tinig na hindi na niya makilala. Kinuha niya ang maliit na kamay ng batang babae at mahigpit iyong hinawakan. “I will be with her forever.”

1

“Angelina, you better stop now, mukhang pagod ka na,” masuyong hinawakan ni Mrs. Florencia Llamas ang buhok ng anak nito.

Bumuntong-hininga ang dalaga saka tinigil ang pagguhit sa kanyang sketch pad, may ilang panels pa siyang kailangang tapusin para sa kanyang ginagawang children’s story book. “I’m okay, Mommy, I just have to finish this last panel, tapos magpapahinga na talaga ako,” aniya saka nginitian ang ina.

“Are you sure? Kakagaling mo lang sa lagnat, baka mabinat ka, Anak, mamaya mo na tapusin iyan.” Kitang-kita ni Angelina ang pag-aalala sa mukha ng kanyang ina. Napakagat-labi tuloy siya. Her mother had been worried sick about her these last few days, halos hindi na nga rin ito makapagtrabaho at iniwan muna ang boutique nito sa assistant dahil sa pag-aalala sa kanya.

Dinama nito ang kanyang noo. “Rest for a while, mahirap na dahil pabalik-balik ang lagnat mo nitong nakaraan.”

She couldn’t help but sigh. She smiled at her

mother as she laid down her pencil. “Sige, Mommy, magpapahinga na muna ako.” Tila nakahinga nang maluwag ang ginang nang marinig iyon. Nakangiting tinulungan siya nitong iligpit ang mga gamit sa workstation.

“Nakainom ka na ba ng gamot?” untag nito nang matapos silang maglipit.

“Yes, kanina bago kayo dumating,” aniya habang umuupo sa couch.

Inayos nito ang manipis na kumot na nakasampay sa gilid noon upang ibalot sa kanyang mga binti. “Your *Imatinib*, have you taken it?” tukoy nito sa gamot niya para sa kanyang Chronic Leukemia. Tumango ulit siya. “Wala ka bang nararamdamang iba sa sarili mo? If you feel really bad, we need to go to the doctor—”

“Mommy.” Nakangiti niyang hinawakan ang kamay nito. “I’m okay, really,” giit niya, pero nanatiling nag-aalala ang mukha nito. Hindi niya naman ito masisi. Mula pagkabata, masasakitin na siya. She had Chronic Myelogenous Leukemia since she was a kid. Isa iyong non-aggressive type ng leukemia, hindi iyon normal na dumadapo sa mga bata, pero na-detect iyon sa kanya noong three years old siya. Hindi naman iyon life threatening at nadadala sa gamot, pero dahil apektado ng sakit ang pag-produce ng anti-

bodies sa kanyang katawan, mahina ang kanyang immune system at madali siyang dapuan ng mga sakit at very susceptible din siya sa mga infections. At dahil nga doon, kaunting pagod at pawis lang ay madali siyang lagnatin, ubuhin at sipunin.

Bumuntong-hininga ang kanyang mommy pagkatapos siyang hagkan sa noo. “Okay, sige, pasensya ka na if your mother’s always nagging you.”

Nakangiting niyakap niya ito sa baywang at sinubsob ang mukha sa baywang nito. “I’m okay, kapag talagang hindi maganda ang pakiramdam ko, sasabihin ko sa ’yo. So don’t worry about me, okay?”

Naramdaman niyang bumuntong-hininga ulit ito saka hinagkan ang tuktok ng kanyang ulo. “Okay, sige, iwan na muna kita rito, ha? Titingnan ko muna ‘yung niluluto naming paella ni Yaya Yoly mo, alam mo naman, darating si Miguel ngayon at favorite niya iyon.”

Hindi niya napigilan ang paglapad ng ngiti sa labi nang banggitin nito ang binata. Ngumiti rin ang ina nang makita nito ang expression ng kanyang mukha. Marahan siya nitong hinagkan muli sa ulo saka lumabas na ng kuwarto.

Bahagya pa ring nakangiti, umayos siya ng upo

The Vow - Dior Madrigal

sa couch at komportableng sumandal sa backrest nito. Bumaling siya sa French windows. The sun was already starting to set. Nagsisimula nang magdilim sa kanyang malaking kuwarto. She wondered, nasaan na kaya si Miguel ngayon? Ang sabi nito may dadaanan pa ito pagkagaling sa airport kaya hindi na muna ito nagpasundo.

Tinaas niya ang mga binti at niyakap iyon, then, hinilig niya ang ulo sa kanyang tuhod. Kapag ganitong wala si Miguel sa bahay, talagang naninibago siya. Laging wala ang mga magulang niya mula pagkabata dahil sa negosyo, siya at si Miguel ang laging magkasama. But lately, mula nang maging Vice President ito ng *Llamas Enterprise*, lagi na rin itong abala at madalas na ring wala sa bansa.

Napalamlam ang kanyang mga mata at hinigpitan niya ang yakap sa mga binti. She wondered what it felt like, living like him and like everybody else, going to many different places, meeting deadlines, being very busy, getting exhausted from work. She wondered what it would be like if she could go with him and see different places with him. She sighed as she hugged herself tighter.

“Nilalamig ka ba?”

Natigilan siya nang marinig ang pamilyar na

The Vow - Dior Madrigal

baritonong boses mula sa kanyang likuran. Agad siyang napapihit para tingnan ang may-ari niyon.

“Miguel!” she gasped when she saw him standing by her doorway. Agad siyang napatayo sa couch at tumakbo papunta rito. She happily threw her arms around him. His arms automatically wrapped themselves around her, too. “Kailan ka pa dumating? Paano ka napakasok? Hindi kita napansin!” sunud-sunod na tanong niya saka masayang tinaas ang mukha rito.

Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumabing sa kanyang mukha. “The door was open, hindi mo ‘ko napansin dahil malalim ang iniisip mo.” His fingertips softly traced her eyebrows.

She beamed at him. “How was your trip? Have you eaten yet? Gumawa ng Paella sina Mama. Oh! I have a new project! I’m writing about a boy and his journey to the stars!” excited niyang balita sa kababata at hinila ito para ipakita ang bago niyang gawa.

She had been writing children’s story books since she was nineteen. Siguro, dala na rin ng katotohanang lagi siyang naiiwang mag-isa mula pagkabata kaya ang mga libro ang napagbalingan niya. Dahil sa fragility ng kalusugan niya, halos ayaw

The Vow - Dior Madrigal

siyang palabasin ng mga magulang ng bahay. She was home-schooled when she was in elementary. Nang medyo lumakas na ang katawan niya noong high school, doon lang siya pinayagang mag-aral sa labas. At kahit ngayong twenty-five na siya, madalas pa rin siyang nagkakasakit. Ang talagang pinagpapasalamat lang niya ay sa kabila noon, nagagawa pa rin niyang gawin ang gusto niya kahit nasa bahay lang. Although of course, may suspetsya siya na kaya siya kinuha ng publisher ay dahil sa hiniling ito ng kanyang daddy sa kaibigan nitong may-ari noon. Sigurado siyang hindi dahil magaling siya at talented. Masaya na rin siya magkaganoon man. Isa pa, maganda rin naman ang sales ng mga libro niya kaya okay na sa kanya iyon.

“Come! I wanna show you!” Mabilis niyang hinagilap ang sketchpad sa workstation at dinala sa binata. Umupo siya sa tabi nito.

“It’s about a boy who made his journey throughout the universe in search of a star he saw in his home,” she blabbered excitedly. “Ang ginawa niya ay sumakay siya sa bangka para hanapin ‘yung star na ’yun. Dere-derecho siya at sinundan niya ‘yung sinag na galing sa star. Sa journey niya, marami siyang nakilalang ibang mga tao, he met many wonderful people and he had many adventures. Minsan may nadadaan din siyang mga stars na mas makinang doon sa

The Vow - Dior Madrigal

hinahanap niya, minsan din maraming umeengganyo sa kanya na iwan na ang paghahanap sa star na iyon at sumama na lang sa kanila, but the boy was persistent. He wanted to find that star no matter what. Kaya kahit mahirap, sinundan niya ang sinag mula rito, kahit kailangan niyang suungin at mabalot sa pinakamadilim na bahagi ng langit, sumuong pa rin siya para lang...” Napatigil siya sa pagkukuwento nang mapansing nakatitig lamang sa kanya ang binata. His eyes were heavily lidded as he stared at her. She chewed her lower lip. “I’m sorry, am I boring you?” she asked. His lazy gaze lifted to meet her eyes. Pagkatapos, kumibot ang labi ng binata, tanda na pinipigil nitong ngumiti. Naramdaman niya ang pag-iinit ng pisngi. “You’re laughing at me!” akusa niya rito.

Muling kumibot ang labi ng lalaki pero sa halip na ngumiti, marahan siya nitong inabot sa batok at masuyong hinalikan ang kanyang noo. “I wasn’t laughing at you.”

“Yes, you were, and you weren’t even listening,” maktol niya.

“Hmmm... I am listening,” he murmured as he softly kissed her eyelids, forcing her eyes to shut.

Pouting slightly, she opened her eyes and stared

at him.

Bahagyang tumaas ang sulok ng labi nito, pagkatapos, marahang minasahe ng mga daliri ang kanyang batok. “It’s about a boy who wanted to find a star,” he whispered as his lips brushed her forehead again. “He had many adventures and met many friends.” His mouth moved over her temple, his fingers, tracing patterns at her nape, making the fine hairs stand up in delicious shivers. “But he was hell-bent on finding that one star.” His lips brushed her cheeks, bago gumapang iyon pababa sa kanyang labi.

“So whatever people say,” he breathed against her lips. “Whatever hardship he faces,” he softly brushed them against hers, “even if it pained him, even if he had to delve into the darkness,” he cupped her face and traced the outline of her lower lip with the tip of his tongue. She couldn’t suppress a shaky moan. “He continued looking for the star.” Bahagya nitong kinagat ang kanyang pang-ibabang labi at sinipsip iyon sa loob ng bibig nito. By now, she was already like melted ice cream in his arms. Muli siyang napaungol sa bibig nito. At nang akala niya ay tuluyan na siyang sisiilin ng halik ng binata, nilayo nito ang sarili sa kanya.

Still disoriented, napamulat siya ng mata, pero hindi na niya nakita ang ekspresyon ng mukha ni Miguel dahil kinabig siya ng katipan sa dibdib nito. She could only sigh and bury her face in his chest.

“Have you taken your medicine yet?” narinig niyang usal nito habang marahang hinahaplos ang kanyang buhok.

Kahit medyo hilo pa dahil sa halik nito, nagawa niyang tumango sa dibdib ng binata. “Kanina pa ‘ko nakainom ng gamot. I’m okay now, wala na akong lagnat.”

“Hmm...” Patuloy ito sa marahang paglalaro sa kanyang buhok.

She closed her eyes and listened to the steady beating of his heart. She couldn’t help but think that it was so unfair that he could so easily make her lose her wits while he remained so composed and calm.

Napabuntong-hininga na lang siya. “How was your trip?” usal niya pagkaraan. “Pumayag ba ‘yong mga investors na kausap mo?”

“Yes, they’re willing to invest in our new project in Ilocos.”

“That’s good.” Pinaglaro niya ang mga daliri sa

butones ng polo nito. “Si Papa namomroblema pa rin doon sa mga stockholders, parang meron ‘atang aggressive na bumibili ng mga stocks natin.”

Sandali itong nag-tense doon. Napakunot-noo tuloy siya, bahagya niyang itinaas ang tingin dito. His handsome face was unreadable.

“Miguel?”

Blangko ang mga mata, tumingin ito sa kanya. “Nothing,” usal nito saka masuyo siyang hinalikan sa noo. Her eyes drifted closed as his mouth moved down to her temple. “Magpahinga ka na, mag-usap na lang ulit tayo bukas ng umaga.” Kinarga na siya nito at dinala sa kama. Maingat siya nitong binaba roon.

“Miguel...” Nag-aalangan niyang itinaas ang tingin sa lalaki habang kinukumutan siya nito.

“Yes?”

“Uhm,” kinagat niya ang pang-ibabang labi, “c-can you stay here with me for a while?” she said in a small voice. Hindi man lang nagbago ang ekspresyon ng mukha nito. Tumango lang ito saka tinanggal ang outer jacket at sapatos bago tumabi na sa kanya sa kama. Umurong siya nang kaunti para bigyan ito ng space, pero inabot siya ng binata at hinapit palapit dito. She sighed and snuggled closer

to his warmth.

“How was the weather in North Carolina?” she asked as she closed her eyes.

“Freezing.” Kinuha nito ang kanyang kamay at may nilagay sa kanyang wrist. Minulat niya ang mga mata at napangiti nang makita kung ano iyon. It was a charmed bracelet made of braided yarn. Iba-iba ang kulay ng yarn, may mga nakasabit doon na maliliit na feathers, isang maliit na wooden carved wolf, isang mini-dreamcatcher, at ilang makukulay na bato.

“It’s beautiful!” she breathed.

“It is...” Muli nitong marahang pinaglalaro ang mga daliri sa kanyang buhok.

“Where did you get it?”

“From a shop in the *Oconaluftee Indian Village*.”

Nagliwanag ang mukha niya. She loved the Native American culture.

“Those were the Cherokees, right?”

“Yes.”

“Are they nice people?”

She felt him softly kissing her hair. “Yes, they

are.”

Hindi niya napigilan ang bahagyang pagngiti. Miguel could be so monosyllabic sometimes. Still smiling, hinilig niyang muli ang mukha sa dibdib nito.

“Did they tell you some of their legends?”

“Yes.”

“Can you tell me one?”

She closed her eyes and concentrated on the feeling of his fingers on her hair.

“Sure,” narinig niyang usal nito. Then, she felt his fingertips lazily tracing her face. “They said there was once an Indian Chief who had four sons,” simula ni Miguel sa kuwento.

Like an enraptured child, mataman niyang pinakinggan ang bawat salita nito. Pero marahil dahil na rin sa puyat at pagod, dagdag pa ang soothing voice ni Miguel at ang marahan nitong paghaplos sa kanyang buhok, madaling dinalaw ng antok si Angelina. She was sleeping soundly against his chest after a couple of minutes.

Pinaglalaruan pa rin ni Miguel ang buhok ng dalaga nang mag-vibrate ang cellphone ng binata sa bulsa. His cold eyes drifted toward Angelina’s pretty

face. Mahimbing pa rin itong natutulog. Dinukot niya ang phone sa bulsa.

“Yes,” aniya sa mababang tinig, patuloy na hinahaplos ang buhok ng natutulog na dalaga.

“The stage is set, you already own twenty-five percent of the stocks, seven percent na lang at ikaw na ang pinakamalaking stockholder ng *Llamas Enterprise*,” anang lalaking boses sa kabilang linya.

His face remained impassive. “Good.”

“The arsonist, nakita ko na rin siya. You can meet him tomorrow.”

Bahagyang umungol si Angelina at lalong siniksik ang sarili sa kanya. His yes drifted toward her again.

“Miguel?” untag ng kausap.

She was sleeping peacefully. Her angelic face looked tranquil and sweet.

“Miguel?” ulit ng kausap.

“Yes.” Wala pa ring emosyon ang kanyang tinig. “I’m still here.” Nanatili siyang nakatitig sa natutulog na dalaga.

“Makikipagkita ka ba bukas?” untag ng kausap.

The Vow - Dior Madrigal

“Yes, I will meet with him tomorrow.”

He could almost see the other man nodding.

“Okay, see you then.” At tinapos na ng lalaki ang tawag.

Kalmado ang mukha, nanatili siyang nakatitig kay Angelina. His fingers were still absent-mindedly playing with her silky hair. Madilim na sa labas, may kaunting liwanag galing sa mga street lights ang pumapasok sa malaking bintana, tumatama sa magandang mukha ng dalaga.

A small smile graced her soft lips as she slept. With heavily lidded eyes, he leaned down and softly kissed her lips. Tinaas niya muli ang mukha saka sinara ang phone at binalik sa bulsa. Pagkatapos, binaling niya ang tingin sa kadiliman sa labas ng bintana.

2

“Wala akong kinalaman sa sinasabi mo!” sigaw ni Rolando Ortez sa lalaki sa harap nito. Nagpupuyos ang matandang lalaking nakagapos sa upuan sa loob ng maliit na warehouse sa isang liblib na bayan sa Laguna.

Tumaas ang isang sulok ng labi ni Miguel. He was feeling a little gracious this morning. Walang traffic sa daan at maaga siyang nakarating sa hide-out nila ni Theo nang walang aberya. May oras pa siya bago ang meeting sa isang client mamayang alas nueve ng umaga.

“Kumusta ang apo mo, Mr. Ortez?” malumanay niyang tanong sa nakatatandang lalaki. Nanlaki ang mga mata ni Rolando.

“Ikaw! Subukan mo lang kantiin ang apo ko—”

“Hmm...” Wala sa isip na tinapik-tapik lang niya ang mga daliri sa lumang mesa habang papalapit sa matanda. He gazed at Rolando impassively.

“Alam mo ba na dating kuta ng mga hapon ang warehouse na ito noong World War II?”

Bahagyang natigilan doon ang matanda saka nanlalaki ang mga mata na nilibot ang tingin sa buong warehouse. Halos walang laman ang loob niyon maliban sa isang couch, isang mesa, TV, at ang upuan kung saan nakagapos ang matandang lalaki. Miguel's eyes remained expressionless as he regarded the old man.

“Nakakita ka na ba ng torture chamber, Mr. Ortez?”

Nawalan ng kulay ang mukha ng lalaki. “Hindi mo ‘ko matatakot,” matigas ang boses ng matanda sa kabila ng pamumutla.

Malamlam ang mga mata, bahagyang ngumiti ang binata rito. “Your granddaughter is beautiful.”

Nanlaki ang mga mata ng matanda at muling nagpuyos sa galit. “Hayop ka! Ano’ng ginawa mo sa apo ko! Walang hiya kayo—”

“Sino ang nag-utos sa ‘yong sunugin ang bahay ng mga Gozon dalawampung taon na ang nakakaraan?” malumanay niyang tanong sa matanda.

“Hindi ko alam ang sinasabi mo—”

“Is that so?” His voice was eerily calm. “Baka maalala mo kapag nakita mo ito.”

“Hinagilap niya ang isang remote control na nakapatong sa mesa at tinutok iyon sa telebisyon para buksan iyon.

The face of a sleeping girl came into view.

Napasinghap ang matandang lalaki. Nag-zoom out ang camera para ipakita ang paligid na kinaroroonan ng dalaga. It was a simple room with no windows, sa tabi ng kama ng babae, nakaupo ang isang lalaking kasing-edad ni Miguel. Nagpuyos ang matanda.

“Walanghiya ka! Saan n’yo dinala ang apo ko—”

“Sino ang nag-utos sa ’yong sunugin ang bahay ng mga Gozon dalawampung taon na ang nakakaraan?” ulit niya sa tanong.

Nanginig sa galit ang matanda. “Walanghiya kayo! Pakawalan n’yo ang apo ko! Pagbabayaran n’yo ‘to!”

Miguel took his phone and pressed some numbers. “Theo—”

Nanigas ang katawan ng matanda nang marinig siyang makipag-usap sa kung sino. Nanlaki at namutla muli ito nang makitang gumalaw ang lalaki sa video at tumingin sa camera habang nakadikit din ang

phone nito sa tainga, tanda na ito ang kausap niya.

“Gawin mo na.”

Nanlamig ang buong katawan ng matanda nang marinig iyon.

“Ano’ng gagawin n’yo? Ano’ng gagawin n’yo!” Lalo itong nanginig nang makitang tumayo mula sa pagkakaupo ang lalaki sa video at lumapit sa isang mesa. Doon nakita ng matanda na may mga panturok roon, ilang bote ng mga kemikal, at ilang tila gamit pang-opera.

“Wag kang mag-alala, Mr. Ortez, wala siyang mararamdaman.”

Tuluyan nang humulagpos ang lahat ng kontrol ng matanda. “Hayop kayo! Mga walanghiya! Mga walanghiya!” Pinilit nitong makawala sa pagkakagapos sa upuan, pero masyadong mahigpit iyon. Patuloy sa paglalakad ang lalaki sa video palapit sa pinakamamahal nitong apo. Hinawakan ng lalaki ang braso ng dalaga.

“Wag! ’Wag! Utang na loob!” sigaw nito, hindi na namalayan ng matanda ang paghagulgol. “Wag ninyong sasaktan ang apo ko! ’Wag ang apo ko! ’Wag! Parang awa n’yo na!” Yumuyugyog ang buong katawan ng matanda sa paghikbi. “Wag ang apo

ko...”

Miguel’s face remained cold and expressionless.

“Sino ang nag-utos sa ‘yo, Mr. Ortez?”

Humihikbi, tinaas ng matanda ang mukha sa kanya.

“Sino ang nagpasunog sa bahay ng mga Gozon dalawampung taon na ang nakararaan?”

“Ang apo ko... ’wag ninyong sasaktan...”

“Ang tanong ko, Mr. Ortez.”

Napapikit nang mariin ang matanda saka tila pagod na pagod na niyuko ang ulo. “S-si Rodrigo.... Si Rodrigo Llamas. Siya ang nag-utos....”

Ni hindi nagbago ang ekspresyon ng kanyang mukha nang marinig iyon.

“N-nagtatrabaho akong hardinero sa kanila noon. May utang-na-loob ako sa pamilya nila kaya hindi ako makatanggi. S-siya ang nagpasok sa akin sa mga Gozon bilang hardinero... p-para sunugin ang mga ebidensya.”

Tinaas nito ang luhaang mata sa kanya. “Ang apo ko... pakiusap... H-huwag mong idamay ang apo ko.”

“Kailangan mong tumestigo sa korte.”

“K-kahit ano.... ‘Wag n’yo lang sasaktan si Yesha.”

He nodded curtly, then talked to Theo on the phone again.

“Theo, you may leave her for now.”

Muling napasinghap ang matanda. “A-ano’ng ibig mong sabihin? Ang apo ko... hindi n’yo ba papakawalan na? Tetestigo na ‘ko—”

“Hangga’t hindi natatapos ang kaso at hindi nakukulong si Rodrigo, hindi mo makikita ang apo mo.”

The old man’s face turned ashen. “Pero—”

“It’s your choice, wala akong pakialam kung ano’ng balak mong gawin kapag pinakawalan kita ngayon. Pumunta ka sa pulis at magsumbong. Lumapit ka kay Rodrigo para tulungan ka. Gawin mo kung ano’ng gusto mo. Tandaan mo lang na nasa amin ang apo mo.”

Tuluyan na itong nanlumo at muling napahikbi.

“Ang apo ko... ang apo ko....”

“May darating dito para pakawalan ka, sasamahan ka rin ng taong ‘yun sa pulisya para sa pagsampa ng

kaso kay Rodrigo.”

“Ang apo ko....” Muli nitong tinaas ang luhaang mukha sa kanya. “P-paano ko masisiguro na wala kayong gagawin sa apo ko? P-paano ko kayo pagtitiwalaan?”

Tumaas ang sulok ng labi ni Miguel. Tila nanlamig ang matanda nang makita ang kanyang ngiti. “Wala ka namang pagpipilian, hindi ba?”

Iyon lang at tumalikod na siya at naglakad papunta sa pinto ng kuwarto. Sumigaw at nagmakaawa pa ang matanda, pero hindi na niya ito pinakinggan.

“We have the evidences to support Rolando’s statement,” pahayag ng lalaking nakaupo sa likod ni Miguel.

Nasa isang mataong parke siya sa Eastwood, nakaupo sa isang bench sa harap ng isang malaking fountain. Kagagaling niya lang sa Laguna matapos ang isang meeting sa isang kliyente. At ngayon narito rin siya para sa isa na namang meeting. Ang katagpuan niya ay nakaupo sa isang bench sa likuran niya. Binuklat ni Miguel ang libro sa kanyang harapan at sinimulang basahin iyon. Sa paligid nila, masaya at maingay ang mga taong nagkukuwentuhan at

naglalakad. To an outsider, it would look like they were two complete strangers just sitting back to back.

“May ebidensya na rin ng Embezzlement laban kay Rodrigo. ‘Andyan ang mga documents sa envelope sa tabi mo, kasama ‘yung kopya ng paglipat ng malaking pera mula sa Swiss bank account ni Rodrigo papunta kay Rolando. Rolando already testified, nakapagsampa na rin ako ng kaso, warrant na lang ang hinihintay natin. If all goes well, lalabas iyon sa makalawa,” patuloy nito.

Kaswal na nilipat ni Miguel ang pahina ng binabasang libro.

“Did you pull some strings?” he asked.

“Of course.”

“Good, I will transfer the funds you need to persuade the other stockholders.”

“Hindi na kailangan, may nahalukay akong baho nila. You don’t need money to persuade them.” Kahit hindi nakikita ang mukha ng kausap, sigurado si Miguel na mapang-uyam itong nakangiti.

“Mukhang maliban sa tatay mo, lahat ng partners ng bastardong ‘yun puro bulok ang kaluluwa. I supposed birds of the same feather flock together

talaga.” The hatred in Theo’s voice was palpable. Gaya niya, malaki rin ang galit nito kay Rodrigo. Muli niyang nilipat ang pahina ng binabasang libro.

Kababata niya si Theo, naninilbihan ang mga magulang nito sa pamilya niya bago pa sila ipanganak. Ulila na ang mga magulang nito at lumaki sa poder ng lola niya mula pa pagkabata. Kasamang namatay sa sunog ang mga magulang ng kaibigan niya. Naligtas lamang ang kababata dahil nasa isang retreat ito sa eskuwela noon. Dahil parehong wala nang malalapit na kamag-anak, pareho silang naulila matapos ang sunog.

“That’s true,” aniya pagkaraan habang nagbabasa. “Kaya mag-ingat ka, they could easily turn around the situation.”

His friend sneered. “Yes, I know. Bastards like them are good at that. And you?” baling nito. “Wala bang problema sa parte mo?”

Muli niyang nilipat ang pahina ng libro. “None. Kamusta ang apo ni Rolando?”

Naramdaman niyang tila nag-tense ang lalaki sa kanyang likod. Bahagya siyang napatigil sa pagbabasa. He lifted his eyes carefully.

“Everything’s okay,” sagot ni Theo.

“Define okay.”

Humugot ng hangin ang kausap. “Man, talagang sigurista ka.” Sa kabila ng tensyon, nagawa pa nitong tumawa nang kaunti. Ganoon talaga ang kaibigan. Nakukuha pa nitong tumawa kahit na may nakaambang sa kanilang panganib. Sa kanilang dalawa, mas masayahin talaga si Theo. Kahit na sa ampunan ito lumaki matapos mamatay ang mga magulang nila, may mga natirang ngiti pa rin sa kababata. Samantalang sa kanya, halos nawala na lahat iyon.

“S-she has amnesia,” anito pagkaraan. “She hit her head n’ung gabing naaksidente kami papunta sa resthouse.”

“What did the doctors say?”

“Wala namang concussion, more on psychological ang problema niya.”

“Wala na bang ibang problema sa kanya?”

“Wala na, she’s fine and healthy.”

“Ano’ng sinabi mong relasyon mo sa kanya?”
Hindi ito agad nakasagot. Nilipat niya muli ang pahina ng libro.

Humugot muna ito ng hangin. “I told her I’m her

boyfriend.”

Patlang.

“S-she had some recollections of her past,” paliwanag nito nang hindi siya magsalita. “Alam niyang wala siyang kapatid. Sabi ng doctor may mga ganoong amnesia raw.”

He continued reading the book, his face expressionless.

Narinig niyang humugot ulit ito ng hangin. “Don’t worry, wala kang magiging problema sa ’kin. You know I hate them as much as you do. I will never rest until they’re behind bars. I won’t rest until I inflict the same misery they gave us. Hindi isang babae ang sisira ng plano natin.” Theo’s voice was shaking with rage.

Malamig ang mga mata na nanatili siyang nakatitig sa pahina ng libro. Halos iyon na iyon ang mga salitang binitiwang nilang magkaibigan noong libing ng mga magulang nila. Hindi sila matatahimik hangga’t hindi nila naipaghihiganti ang pagkamatay ng mga ito. And indeed, sa loob halos ng dalawampung taon, umikot doon ang buhay nilang dalawa.

Matapos ang libing ng mga magulang, palihim nilang pinanatili ang komunikasyon sa isa’t isa. Sinabi

The Vow - Dior Madrigal

niya sa mga magulang ni Angelina na mayroon siyang kaibigan na pinagpapalitan niya ng postcards para ipaliwanag ang mga sulat na dumarating. They even use Pigpen Cipher, an old coding system that they both learned from a book when they were kids. They used it to conceal the real content of their letters. Later on, naging mas madali ang communication sa tulong ng teknolohiya. For the past twenty years, pinagplanuhan nila ang pagbagsak ni Rodrigo. Pareho silang nag-aral sa *UP Diliman*. Pareho rin silang double major. Nag-major siya sa Engineering at Business Administration habang Architecture at Economics naman si Theo. Siya sa pamamagitan ng mga magulang ni Angelina at ng naiwang Educational Plan ng magulang niya, si Theo sa pamamagitan ng part-time work at Educational Plan din na naiwan ng mga magulang nito. Sabay din silang kumuha ng Masters Degree sa parehong eskuwelahan. Gamit ang may kalakihang pera sa trust fund na iniwan ng kanyang mga magulang, he used Theo as a decoy to start an investment company when they were eighteen. With their outstanding business acumen, nagawa nilang palaguin ang capital sa pamamagitan ng pagbili ng mga tamang stocks. They earned their first million when they were only twenty. After roughly eight years since they started the investment firm, they had enough funds to aggressively buy

stocks from *Llamas Enterprise*, ang construction firm na pagmamay-ari ng pamilya ni Angelina. At ngayon, two years later, pitong porsyento na lang at siya na ang may pinakamalaking stock share ng kompanya.

Ngayon nga ay nasa huling stages na sila ng plano. Nag-vibrate ang kanyang cellphone sa bulsa. Kalmado niyang kinuha iyon at nakitang si Rodrigo ang tumatawag. Sinagot niya ito.

“Yes, Uncle Rodrigo.” Naramdaman niya ang pag-tense ng katawan ni Theo sa likuran niya.

“Miguel! Ikaw bata ka, kanina pa kita hindi ma-contact!” Bakas ang saya sa boses ng lalaki. “Hindi tayo nagpang-abot sa bahay kagabi. Gabi na kasi ako dumating at ayaw naman kitang istorbohin pa, ‘tapos kaninang umaga naman hindi na rin kita naabutan dahil maaga ka namang umalis.”

“I’m sorry, I have an important client meeting this morning,” he said smoothly.

“Yes, I know. Ikaw bata ka, ‘wag mong pagurin masyado ang sarili mo. Magpahinga ka muna, kagagaling mo pa lang sa business trip, nagagalit sa ‘kin si Angelina at masyado raw kitang inaabuso,” sabi ng matanda na nakatawa. “Let’s have dinner together tonight at the main house. Maaga akong uuwi, ikaw

rin. Umuwi ka na ngayon sa bahay at magpahinga, sige na, Hijo. Isa pa, nami-miss ka na rin talaga ni Angelina.”

“Yes, Uncle,” kalmado niyang sagot. “Pagkatapos ng lunch meeting ko sa client, uuwi na ‘ko.”

“Good! Sige, Hijo, magkita na lang tayo sa bahay.” Iyon lang at tinapos na nito ang tawag.

“Is he asking you to babysit the spoiled princess again?” mapang-uyam na untag ni Theo sa likuran niya.

Malamig niyang sinulyapan ang kababata sa gilid ng kanyang mga mata.

“What?” himok nito nang hindi siya umimik.

Tuluyan na niyang iniwas ang tingin dito saka tumayo at kinuha ang envelope na nakapatong sa tabi niya.

“Let’s talk tomorrow. Ako na’ng bahala sa ibang shareholders.”

Hindi niya ito nilingon at malalaking hakbang na niyang tinungo ang isang coffee shop.